# BALITANG WIN

BALITA, OPINYON AT SERBISYO NI SENATOR WIN GATCHALIAN

Isyu 1 | Abril 2017 www.WinGatchalian.com | WinGatchalian74


# LIBRENG KOLEHIYO, PASADO NA SA SENADO!



*Tuwang-tuwa sina Senator (mula kaliwa) Win Gatchalian, Bam Aquino at Sonny Angara nang maipasa na sa Senado, sa botong 18-0, ang Affordable Higher Education for All Act o Senate Bill No. 1304, Marso 13, Lungsod Pasay. Bukod sa kanila, kasama din sa pag-akda ng batas sina Senator Richard Gordon, Loren Legarda, Leila de Lima, Francis Pangilinan, Ralph Recto, Cynthia Villar, Joel Villanueva at Juan Miguel Zubiri. Unang inihain ni Senator Win ang panukala noong 2015, kinatawan pa siya ng Lungsod Valenzuela.*

**Matapos ang huling klase ng 22 anyos na si Gwen (hindi tunay na pangalan), kumukuha ng kursong Philippine Studies sa UP Diliman, dali-dali siyang sasakay ng jeep papunta sa babaan na malapit sa gate ng isang eksklusibong subdivision.** Pagdating niya roon, ililista niya ang pangalan sa logbook ng mga security guard at saka maghihintay ng sundo papunta sa bahay ng tinuturuan niyang bata. Isang working student si Gwen na kumikita ng ₱150 kada oras para maging tutor sa dalawang batang nag-aaral sa pampribadong paaralan. Tatlong beses sa isang linggo pumupunta rito si Gwen, sapat upang makapag-abot siya ng kaunting panggastos sa bahay at para sa kanyang baon. Ulila na sa ama at hindi sapat ang pang-araw-araw na panggastos nila ng kanyang ina at tatlo pang kapatid. Tapos na sana si Gwen sa pag-aaral sa kanyang edad ngunit dahil pahintu-hinto siya sa pag-aaral, nasa ikatlong taon pa lamang siya. Determinado si Gwen na makapagtapos dahil aniya, "Mas makakatulong ako kay Mama at sa mga kapatid ko kung nakatapos ako ng kolehiyo."

Marami ang katulad ni Gwen na dahil sa mahal ng matrikula sa kolehiyo at sa hirap ng buhay ay napipilitang isantabi muna ang pag-aaral at maghanap ng puwedeng pagkakitaan.

Gaya ng pagsusumikap ng working student na si Gwen, nagbunga na ang pagpupunyaging maipasa ni Senator Win Gatchalian ang kanyang panukalang batas na naglalayong maging mas abot-kamay ang edukasyon sa kolehiyo sa milyung-milyong kabataan.

Hindi napako ang pangako ni Senator Win dahil naipasa na sa Senado ang Affordable Higher Education for All Act (AHEAA) o Senate Bill No. (SBN) 1304 noong Marso 13.

Ang SBN 1304 ay pinagsama-samang panukalang batas na iniakda ng ilang senador, kabilang na ang kay Senator Win na SBN 198 o Free Higher Education Act (FHEA).

**ZERO MATRIKULA**

Layon nito na magkaroon ng libreng matrikula sa lahat ng state universities at colleges (SUCs) sa buong bansa. Ipinaglaban mula pa nang siya ay mayor ng Lungsod Valenzuela hanggang naging kongresista at ngayo'y senador, itinaguyod ni Senator Win ang paggamit sa edukasyon bilang mahalagang adbokasiya upang maiahon sa kahirapan ang pamilya ng gaya ni Gwen.

Sa pamamagitan ng AHEAA, wala nang matrikulang sisingilin ang mga SUC sa mga estudyante at kanilang magulang. Ayon sa panukalang batas, pamumunuan ng Commission on Higher Education (CHED) ang pagpapatupad ng polisiya sa buong bansa. Ang henerasyong makararanas ng libreng matrikula ang siyang maghuhubog ng kultura ng kahusayan, kagalingan at pagmamahal sa bayan.

Tulay ang AHEAA sa pangarap ng mga katulad ni Gwen na maiahon ang kanyang pamilya sa kinasasadlakang kahirapan. Dahil, gaya ng matandang kasabihan sa Filipino, edukasyon ang kayamanang hindi mananakaw ninuman. Edukasyon din ang pinakamatibay na panlaban sa kahirapan.



**BUHAY SA SENADO**

Leadership. Excellence. Professionalism.

>> Basahin sa pahina 2



**ANO ANG RECOVERABLE SYSTEM LOSS ACT?**

>> Basahin sa pahina 3

# BUHAY SA SENADO

## LEADERSHIP. EXCELLENCE. PROFESSIONALISM.




Sa pagsisimula ng aking unang taon sa Senado, ikinalulugod kong ibahagi sa inyo ang pahayagang ito kung saan sama-sama nating pagtatagumpayan ang mga batas at adbokasiyang ating isinusulong para maiangat ang antas ng pamumuhay ng bawat Pilipino.

Mula noon hanggang ngayon, baon ko ang tatlong prinsipyo: Leadership. Excellence. Professionalism. Ito ang aking pinanghahawakan at nagsisilbing adhikain bilang lingkod-bayan. Hindi dapat manatiling hanggang plano o konseptong nabuo sa isipan lamang ang mga prinsipyong ito. Kailangan nating isabuhay, at tiwala ako na magiging mabisang gabay at motibasyon ito tungo sa pagkamit ng mga pangarap o layunin sa buhay.

Unang prinsipyo ay ang leadership by example. Noong ako ay mayor ng Lungsod Valenzuela, ang aking simpleng inisyatibo ay magsilbing ehemplo ng kaayusan gaya ng tamang pagsuot ng uniporme at ID sa loob ng city hall. Mababaw man sa iba, ngunit ito ay pagpapakita ng disiplina at pagkakaisa para sa lahat ng empleyado ng lokal na pamahalaan.

Ang ikalawa ay kahalagahan ng pagkakaroon ng culture of excellence ng bawat manggagawa sa isang tanggapan. Nasa pampribadong sektor o pampublikong serbisyo man tayo nagtatrabaho, importanteng paghusayin ang lahat ng mga gawain at maging mas mabuting bersyon ng ating mga sarili para makamit ang mga tungkulin nang may kalidad.

Ang ikatlo ay professionalism. Ito po ay isang prinsipyong kailanma'y hindi ko bibitiwan. Iniluklok tayo upang gumawa ng mabuting pagbabago. Pinagkakatiwalaan upang mismong tayo ang maging pagbabago.

Bilang halal na opisyal ng gobyerno, isang pribilehiyo na ako ay nabigyan ng oportunidad na makapaglingkod, kaya naman sinusulit ko ang pagkakataong ito. Lagi kong isinasaisip sa tuwing ako ay tutungo sa tanggapan sa Senado, ang aking pangunahing prayoridad ay ang mamamayang Pilipino.

Kaya naman sa aking mga minamahal na kababayan, inyong baunin ang mga prinsipyong ito upang mas maging mahusay sa anumang gawain at mapagtagumpayan ang lahat ng pagsubok na inyong kahaharapin sa buhay.

Mabuhay po tayong lahat!

*Senator Win Gatchalian*

> "WHEN YOU WALK INTO THE HALLS OF THE SENATE, THE PRIMARY CONCERN IS THE FILIPINO PEOPLE.

## PINAG-UUSAPAN, SINOSOLUSYUNAN

Mahalaga ang trabaho ng mga mambabatas. Katuwang sila ng Pangulo dahil sila ang gumagawa ng mga polisiya at batas na magbibigay-ngipin sa mga pag-aksyon ng Pangulo at iba pang mga lider ng bansa.

Katulad ng mga kapwa senador, sumabak agad sa trabaho si Senator Win Gatchalian mula nang siya ay opisyal na madeklara bilang senador ng ika-17 Kongreso ng Republika. Sa 40 na mga komite ng Senado, naatasan noong Hulyo 26, 2016 si Senator Win bilang chairman ng mga komite ng Economic Affairs at ng Energy. Dalawa itong magkaibang larangan na nagpapanukala ng iba't ibang polisiya na parehong naglalayong magpaunlad ng antas ng pamumuhay ng buong sambayanan.



*Senator Win sa pagdinig ng informal economy employment, Pebrero 8.*

Dagdag pa rito ang kanyang tatlong vice chairmanship at 11 membership sa iba't ibang komite kung saan kanya ring nagagamit ang may 15 taong karanasan sa lokal na pamamahala.

Linggo-linggo, sinisiguro niya ang pagdalo sa mga committee hearing upang himayin ang mga isyu na nakaaapekto sa taumbayan. Dito rin kumukuha ang senador ng mga kailangang impormasyon at pahayag mula sa mga ahensya, indibidwal o organisasyon na mahalaga ang papel sa isyung tinatalakay. Mula rito, makapaghahain ang senador ng kanyang mga argumento, opinyon, paglilinaw at suhestiyon para naman sa paglilikha at pagrerebisa ng mga panukalang batas, at maging ng pagpapawalang-bisa ng mga batas na hindi na akma sa panahon ngayon.

May malaking kontribusyon din ang pagbisita at pakikipagdayalogo ni Senator Win sa iba't ibang mga asosasyon, electric cooperatives, korporasyon at planta ng kuryente sa buong bansa upang higit na maunawaan ang tunay na kalagayan ng mga malayo sa kalunsuran. Sinisigurado niya na balanse ang kanyang oras sa loob at labas ng Senado.



*Senator Win kasama si Senate President Koko Pimentel sa plenaryo ng Senado.*

### MGA KINABIBILANGANG LUPON NI SENATOR WIN SA IKA-17 KONGRESO

**CHAIRMANSHIP**
- Economic Affairs
- Energy

**VICE CHAIRMANSHIP**
- Trade, Commerce and Entrepreneurship
- Local Government
- Education, Arts and Culture

**MEMBERSHIP**
- Accountability of Public Officers and Investigations (Blue Ribbon)
- Labor, Employment and Human Resource Development
- Banks, Financial Institutions and Currencies
- Electoral Reforms and People's Participation
- National Defense and Security
- Climate Change
- Social Justice, Welfare and Rural Development
- Finance
- Ways and Means
- Public Works
- Rules

## ₱8.3B, UNANG PONDO PARA SA FREE HIGHER ED S.Y. 2017-2018

**Kasado na ang alokasyon na ₱8.3 bilyon para sa pagi-implementa ng libreng matrikula sa kolehiyo sa lahat ng state universities at colleges (SUCs) sa nalalapit na S.Y. 2017-2018.**

**Patuloy ang pagtutok ni Senator Win Gatchalian, kasama ng iba pang mambabatas, hanggang tuluyang maaprubahan ng Pangulong Rodrigo Duterte ang panukalang batas na Affordable Higher Education for All Act. Sa katunayan, bago pa matapos ang taong 2016, naaprubahan na sa Senado ang nasabing dagdag na badyet sa Commission on Higher Education (CHED) sa pamamagitan ng 2017 General Appropriations Act na nilagdaan ng Pangulo. Dito naitaas ang kabuuang pondo ng ahensya mula ₱10.4 bilyon sa ₱18.7 bilyon.**

**Katuwang ang mga SUC, magsasagawa ng mga alituntunin at patakaran ang CHED at Department of Budget Management (DBM) para sa pondong ito na nagmula sa Higher Education Support Fund (HESF).**

## PULSO ONLINE

**Komentong nakalap, daan sa pakikipag-usap. Dahil may halaga at kapangyarihan ang saloobin, opinyon, reaksyon, suhestiyong iniiwan gamit ang social media.**

**Jim Boy PangAn Fernandez** Please senator win gatchalian..sana maisabatas ito ..ito ang pagbabago na hinihintay nang tulad kung nd makapagtapos ng pag aaral .maraming salamat po.

**Larry Dumigpi** Sna maipasa na yan. Mrami matutulungan mga bata na may talino pero d kaya mag aral dhil sa taas ng tuition at gastusin sa school

**Herson Sanchez** Ok yan sen. Para umangat ang bansa noon pa sana..edukasyon sagot sa kahirapan edukasyon patungo sa kinabukasan..

**Macila Costantino Isla** Salamat po sa iyong malasakit,isa itong patunay na nais mo po na magkaroon ng magandang kinabukasan ang mga mahihirap na di kayang makapag aral,salamat po ngyun pa lamang sa iyong magandang hangarin at tunay na malasakit

**Reden Bedonia** Tama yan senator win,suportado namin yung mga ginagawa hindi lang sa lungsod ng mahal nating valenzuela,pati na sa lahat ng sulok ng pilipinas we support you

**Kneight Riduz** Sna mangyari yan...kung magkaroon ng libreng edukasyon pra sa lhat ng mga bata, mas malaki ang tyansa na umunlad ang ating bansa.

**Chriz Domon** naniniwala ako ang libreng education ang mag papaunlad s bayan
Like · Reply · Message · October 28, 2016 at 1:00pm

**Chriz Domon** sir nag makakaawa po ako n ipatupad neo ang batas n yan kasi po ako gusto ko makapag kolehiyo kaso walang wala po ako naniniwala ako n ang kabataan ay pag asa ng bayan sir gusto ko pong maging guro. kaso po mahal ang tuition



# TAPAT NA SINGIL SA KURYENTE, GINHAWA PARA SA KONSYUMER

Sa nagbabagong lipunan, napakahalaga ng kuryente para sa pang-araw-araw na pamumuhay natin. Mula paggising sa umaga hanggang sa pagtulog, pinapagaan ng kuryente ang ating buhay. Ngunit, ayon sa Average Residential Rates ng Japan International Cooperation Agency noong 2011, ang singil sa kuryente sa ating bansa ang isa sa pinakamahal na presyo sa Asya. Kahit anong ginhawa ang dulot ng paggamit ng kuryente, nahihirapan pa rin ang mga Pilipino sa taas ng singil nito.

Maraming batas na ang ipinasa ng Kongreso upang magkaroon ng solusyon sa tumataas na singil sa kuryente. Sa kasalukuyan, ang Recoverable System Loss Act (RSLA) o Senate Bill No. 1188, na binalangkas ng chairperson ng Senate Committee on Energy na si Senator Win Gatchalian, ang isa sa mga panukalang batas na naglalayong pababain ang singil sa kuryente.


## Ano ang Recoverable System Loss Act at ang nilalaman nito?

- ☑ Pagpapababa sa halaga ng binabayarang System Loss Charge:
  - Mula 8.5% pababain ng 5% para sa pampribadong Distribution Utilities (DUs)
  - Mula 13% pababain ng 10% para sa mga Electric Cooperatives (ECs)
- ☑ Ang pagtanggal ng Value Added Tax (VAT) sa System Loss Charge
- ☑ Ang hindi pag-ako ng mga residente sa halaga ng ninakaw na kuryente bago ito umabot sa ating metro

## SYSTEM LOSS, ANO NGA BA ITO?

Ito ang pagkawala ng kuryente habang dumadaloy ito mula planta patungo sa mga transmission lines o mga kawad ng kuryente patungo sa mga grid. Mula sa grid, dadaloy ang kuryente papunta sa mga pampribadong DUs tulad ng Meralco o ECs sa probinsiya, at mula rito ay sa mga kawad ng kuryente o metro patungo sa bahay.

Sa pagdaloy ng kuryente sa iba't ibang estasyon nito, otomatikong may nawawala rito. Kung nakalikha ng 100 megawatts ng kuryente ang planta, pagdating nito sa mga kabahayan ay maaaring 90 megawatts na lang ang puwedeng paghati-hatian ng mga bahay.




**The Electric Power System**

## BAKIT NGA BA NABABAWASAN ANG KURYENTE?

May dalawang dahilan kung bakit nababawasan ang nilikhang kuryente sa mismong nakokonsumong kuryente. Una, ito ay dahil sa teknikal na aspeto ng daloy ng kuryente. Otomatikong may nawawala sa paglipat-lipat ng kuryente. Ang ikalawa naman ay dahil sa mga gumagamit ng jumper at iba pang mga pamamaraan ng pagnanakaw ng kuryente.

## BAKIT TAYONG MGA KONSYUMER ANG KAILANGANG MAGBAYAD NG MGA NAWALANG KURYENTE?


Dahil ito sa batas na Anti-Electricity and Electric Transmission Lines/Materials Pilferage Act of 1994 o Republic Act No. 7832 na nagtatakda na nakapaloob sa sisingilin ng mga pampribadong DUs at ECs sa nawalang kuryente.

## ANO BA ANG BENEPISYO NG MGA KONSYUMER SA RSLA KAPAG NAISABATAS NA ITO?

Mababawasan ang singil ng kuryente kung saan ₱0.12 o 12 sentimos kada kilowatt per hour (kWh) ang matitipid ng bawat pamilya. Sa mga nagkokonsumo ng 200 kWh* kada buwan, makatitipid sila ng ₱24.00 na maaaring ipangdagdag sa pambayad ng iba pang pangangailangan ng pamilya tulad ng isang dosenang pandesal.

**Source: Meralco, 200 kWh average household consumption per month*

**₱24.00 = 200 KWH / BUWAN =**
**1 DOSENANG PANDESAL**





# BATAS ANG MAGPAPANALO

**Matapos ang may siyam na buwang panunungkulan, nakapag-akda si Senator Win ng anim na panukalang batas para sa sektor ng enerhiya. Kabilang dito ang Recoverable System Loss Act o Senate Bill No. 1188 na siyang magpapababa ng singil sa kuryente.**

**Dagdag pa riyan ang Virtual One-Stop-Shop Act o Senate Bill No. 1286 na pupuksa sa red tape o masalimuot na permitting processes pagdating sa pagpapagawa ng mga bagong planta. Kagaya ito ng programang 3S: Simple Processes, Speed in Delivery, Service Excellence na pinasimulan ni Senator Win bilang mayor ng Lungsod Valenzuela. Sa pamamagitan ng isang online system, hindi na magpapatung-patong o magu-ulit-ulit ang mga dokumento para sa mga power generation project. Mas magiging episyente ang proseso tungo sa pagpapatayo ng mga planta at matutuldukan na ang kinahaharap na suliranin sa elektrisidad.**

Ito ang ilan sa mahigit na 70 panukalang batas at resolusyon na inihain ni Senator Win Gatchalian. Matatagpuan ang lahat nito sa kanyang official website: www.WinGatchalian.com.

### RESERVE OFFICERS' TRAINING CORPS (ROTC) ACT
### SENATE BILL NO. 200

Naglalayong ipanumbalik ang pagsasanay pang-militar sa lahat ng mga nasa kolehiyo upang maging handa ang mga mga kabataan sa pagiging disiplinado at makabayan.

### INCLUSIVE EDUCATION FOR CHILDREN AND YOUTH WITH SPECIAL NEEDS ACT OF 2016
### SENATE BILL NO. 996

Magmamandato na magtayo ng special education (SPED) center para mabigyan ng karampatang atensyon at kalinga ang mga children with Special Needs sa bawat pampublikong paaralan sa buong bansa.

### NUTRI-SKWELA ACT OF 2016
### SENATE BILL NO. 204

Isang pagtugon sa malnutrisyon at kagutuman sa mga batang mag-aaral ng pampublikong paaralan sa pamamagitan ng pamimigay ng agahan sa loob ng eskuwela para sa kanila. Kapag walang malnutrisyon, mas matalas ang konsentrasyon ng mga bata.

### PROOF-OF-PARKING SPACE ACT
### SENATE BILL NO. 201

Iuutos nito ang pagkakaroon ng rehistradong parking space ang mga motorista kasabay ng kanilang pagrehistro ng sasakyan. Lilinisin nito ang mga kalsada ng mga sasakyang iligal na nakaparada upang mapabilis ang daloy ng trapiko at ang pagresponde sa mga sakuna.

# PANALONG BALITA



## MALACAÑANG PARA SA BUONG BAYAN

Ikinalulugod ko na makadalaw kay Pangulong Rodrigo Duterte sa Palasyo ng Malacañang sa Maynila upang personal na makapagdayalogo sa mga napapanahong isyu, kasama sina Valenzuela City Mayor Rex Gatchalian at Congressman Wes Gatchalian, Enero 24. Kailangan ng Punong Ehekutibo ang mga polisiya at batas na ating sinusuog sa Lehistatura upang maayos na maisulong ang pag-unlad at pagbabago sa bansa na mithi nating lahat.



## UGNAYAN SA INTERNATIONAL COMMUNITY

Matapos ang pagkakahirang sa akin na magmando ng mga komite sa enerhiya at sa kalakarang pang-ekonomiya, naimbitahan tayo sa ilang mga pangunahing pagtitipon ng mga kinatawan ng international community sa bansa. Gaya ng European Union-Philippines Summit 2016 noong Oktubre 4 sa Lungsod Makati, dito natin ibinahagi ang mga suliraning kinahaharap ng sektor ng enerhiya at ang mga mungkahi nating solusyon. Marami tayong natututunan sa mga ganitong ugnayan dahil napupulsuhan natin mismo ang galaw ng ekonomiya ng ibang mga bansa na nakaaapekto rin sa tibok ng pambansang kabuhayan.



## SERBISYONG BAYAN NG KAPULISAN

Sa pagdalo ko sa selebrasyon ng National Heroes Day 2016 sa Libingan ng mga Bayani, Lungsod Taguig, personal nating binati si PNP Chief Ronald "Bato" dela Rosa para sa kanyang tapat at may tapang na pagharap sa tungkulin bilang punong tagapagpatupad ng mga batas at kapayapaan sa bansa.



## SEATMATES KO SA SENADO

Sa kauna-unahang pagkakataon, humarap sa Inquirer.net interactive media forum ang ating grupo sa Senado, ang "Seatmates" sa Lungsod Makati. Kasama sina Senator (mula kaliwa) Sonny Angara, JV Ejercito, Joel Villanueva at Migz Zubiri, pinag-usapan nang harapan at live sa social media ang mga isyu na malapit sa aming kani-kaniyang adbokasiya.



## ENERHIYA, LAKAS NG EKONOMIYA

Sa gitna ng malawak na West Philippine Sea sa Hilagang Palawan, nagniningning ang dangal at galing ng Valenzuelano. Dalawa sa mga nagpapatakbo ng Malampaya Deepwater Gas-to-Power project, ang bukod tanging pasilidad sa bansa na kumukuha ng natural gas deposit sa ilalim ng sea floor para maging panggatong sa paglikha ng enerhiya o kuryente, ay tubong Valenzuela City. Sila ay sina Nestor Bituin (kaliwa) ng Brgy. Ugong at si Don Paulino ng Brgy. Dalandanan. Aabot sa 40% ng enerhiyang kinakailangan ng Luzon ay galing sa Malampaya. Sa pagbisita ko doon, masasabi natin na may sapat na kakayanan ang mga Pilipino na magpatakbo ng ganoong ng hi-tech at kakumplikadong pasilidad.



## MULA TSINA HANGGANG FUKUOKA

Binisita ng ilan sa mga kinatawan ng Fukuoka Prefectural Assembly sa Japan ang Senado upang makausap tayo pagdating sa mga pambansang polisiya, Pebrero 20, sa pangunguna ni Nakao Masayuki, chairman ng promotion of international relations ng Fukuoka Prefecture. Kilala ang lungsod para sa "excellent quality of life and liveability" at tanging economic zone for startups sa Japan.

Samantala, kabilang ako sa mga delegado ng bansa sa Beijing, China sa pangunguna ni Pangulong Duterte, Oktubre 2016 upang mapag-aralan ang mga inobasyong tumutulak sa ekonomiya ng kanilang bansa.




## HUSTISYA PARA SA SAF 44

Makalipas ang tatlong taon, dumalaw sa Senado ang ilan sa kaanak ng mga PNP Special Action Force (SAF) personnel na nasawi sa isang malagim na engkuwentro sa Maguindanao. Hustisya pa rin ang kanilang daing. Sa kanilang paglapit sa tanggapan ni Senator Dick Gordon, chair ng Committee on Justice, hiling nila sa atin na buksan muli ang kaso.



## INOBASYON DAAN SA GLOBALISASYON

Pinaunlakan tayo ni G. Diosdado Banatao (kanan) para sa isang talakayan sa Senado, Pebrero 9, kung saan hinimay ng batikang enhinyerong Filipino-American ng Silicon Valley sa Amerika ang kakulangan ng kultura ng inobasyon sa gobyerno na tutulak sana sa bansa sa ganap na pag-unald at globalisasyon. Napag-iiwanan na ng ibang bansa ang Pilipinas diumano dahil sa positibo at progresibo nilang pagtanggap ng mga bagong ideya at pagtibag sa makalumang sistema.



## KAAGAPAY SAAN MAN MAY PILIPINO

Sa pagbisita ko sa Abu Dhabi at Dubai sa bansang United Arab Emirates noong Disyembre 2016, napaunlakan tayo ng mga Filipino community doon sa pamumuno nina Amb. Constancio Vingno, Jr. at Consul General Paul Raymund Cortes, upang alamin ang kanilang sitwasyon at saloobin sa mga isyu sa bansang pinanggalingan. Basta may mga kababayan tayo saan mang panig ng mundo, dapat ramdam din nila ang Senado.

Ang **BALITANGWIN** ay inilalathala ng **Tanggapan ni Senator Win Gatchalian** na matatagpuan sa Senate of the Philippines, Rm. 512, GSIS Building, J.W. Diokno Avenue, Pasay City, 1300, Philippines.
**Media Affairs and Communications Unit:** Ahna Khristina F. Mejia I Mark Lester S. Cayabyab I Christine Allaine B. Dumaplin I Justine Leigh D.Castañeda

**Office of Senator Win Gatchalian**
(02) 551 9223

**Policy and Research**
(02) 865 1655

**Media Affairs and Communications**
(02) 865 1938

**Administration and Finance**
(02) 552 6601 loc. 8571

**Legislative Affairs**
(02) 835 9316

**Political Affairs and Constituent Services**
(02) 551 9397 I (02) 552 6601 loc. 8622

**WIN Action Center**
(02) 352 0549

**Email: email@wingatchalian.com**